

1

Isinara ni Phil ang kanyang luggage matapos mailagay ang huling gamit doon. Napabuntong-hininga siya at sumandal sa pasamano ng terasa para pagmasdan sa huling pagkakataon ang siyudad ng Detroit.

Goodbye, Michigan, he thought.

Urgent ang sabi ng ama kung bakit niya kailangang umuwi ng Pilipinas. But from his tone, imposibleng mamamatay na ito or something like that. Probably negosyo ang dahilan. Anuman iyon, hindi siya gaanong natutuwa. Marami siyang maiiwan dito sa Detroit. Unang-una na ang kanyang racing career, pangalawa ay ang nobyang si Reena na tutol sa kanyang pagbabalik-bayan.

Nangako siya sa dalaga na tatawagan ito agad kapag nalaman na niya kung ano ang mismong dahilan ng pagpapauwi sa kanya ng ama. Pagdating ng *NAIA*, naghihintay na ang kanilang driver na si Mang Domeng sa arrival area. Ito na ang driver nila mula pa noong elementary siya.

“Happy landing, Sir,” masayang sabi nito na

ikinatawa niya. Palabiro at very warm pa rin talaga si Mang Domeng.

“Thank you, Manong.” Tinapik pa niya sa balikat ang lalaki bago siya pumasok sa loob ng sasakyan.

Mayamaya pa ay tinahak na nila ang daan papunta sa kanilang subdivision. Saludo siya sa ingat ni Mang Domeng magmaneho. Hindi ito basta-basta nag-o-overtake at talagang nagme-menor sa mga intersection. Kaya pakiramdam ni Phil, idinuduyan siya sa bagal ng kanilang takbo. Nakaidlip siya sa biyahe at ginising na lang ng driver nang sumapit na sila sa mansion. Sinalubong siya ng tuwang-tuwang si Aling Medy na siya nilang kasambahay at asawa ni Mang Domeng.

“Naku, ang laki na ng ipinagbago n’yo, Sir! Lalo ka ’atang tumangkad at gumuwapo,” papuri nito.

Niyakap siya nito bilang pagbati. Si Aling Medy na ang nag-alaga sa kanya mula nang mamatay ang kanyang mama kaya parang anak talaga kung ituring siya nito.

“Nanang, limang taon lang po akong nawala. Same old Phil pa rin po ako,” nakangiti niyang sabi.

“Pagkatagal-tagal kaya ng limang taon. At saka ano ba ’yang punto mo, Sir? May pagka-Amerikano.

Sabagay, nakakaaliw pakinggan,” komento ng babae.

Napangiti siya. Inakay siya ni Aling Medy papunta sa study room. Naroon daw ang ama at naghihintay. Kung ang mga tauhan nila ay mainit ang pagtanggap sa kanya, ang ama ay simpleng tango at ngiti lang ang pagbati. Talagang pinanawan na ng saya ang buhay ni Mr. Simon Dela Cuesta mula nang pumanaw ang pinakamamahal nitong asawa dahil sa isang car accident twenty years ago.

Isinangga ng ina ang sarili—niyakap siya nito, kayasiya nakaligtas at galos lang ang natanggap. Dead on the spot si Mrs. Olivia Dela Cuesta. Initially, siya ang sinisi ng ama noon sa nangyari at pakiramdam niya, his dad secretly wished na siya na lang ang namatay imbis na ang asawa nito. Napaka-distant at cold nito sa kanya magmula nang mangyari ang aksidente. Pakiramdam niya ay pabigat ang turing nito sa kanya.

“Kumusta ang biyahe?” tanong ng ama.

Naputol ang pagmumuni-muni niya nang magsalita ito. Kahit papaano, marunong itong mangumusta pero sa tingin niya, hindi ito after sa sagot niya kung okay siya o hindi.

“Fine. How are you, Dad?” matipid niyang balik.

He was never close to his father and preferred to live as far away from him as possible. Contradicting kasi ang mga pananaw at gusto nila sa buhay. Mas mabuti ang relasyon nila kung hindi sila magkasama sa iisang bubong. They tend to argue and clash most of the time kapag magkasama sila. Dapat siguro niyang ipagpasalamat na hindi siya nakaranas na pagbuhatan nito ng kamay kahit pa masungit at stiff ito sa kanya.

“Mabuti naman. Hindi na ako magpapaligoy-ligoy pa, Philip. May ipapagawa ako sa ’yo kaya kita pinauwi,” anito. Hindi siya nito in-address sa kanyang palayaw ni minsan, which showed the gap between them.

Umayos siya ng upo at nakinig. Ikinuwento nito na sa ngayon, talo ang bestseller wine ng kanilang kompanya sa bagong uri ng wine ng kanilang pinakamahigpit na kalaban, ang *Vino Rozzi*. Maganda raw ang quality nito, aromatic at exciting ang lasa. At ayon sa espiya ng ama, ang bagong hire na food technologist ng *Vino Rozzi* ang nakaimbento ng formula ng successful na wine.

“I talked to her and convinced her to work with us but she refused despite the generous salary and good benefits that I offered. I even went as far as

bribing her into selling the formula to our company,”
anang ama.

Napailing siya. He never thought his father would stoop that low.

He'd have given anything to see the look on his father's face when that woman refused him. Bihira lang na mapahiya ang ama sa business transactions. Sanay ito na nakukuha ang gusto. Sa aspetong iyon, pareho sila. They could talk their way to get something they want.

Well, most of the time.

“So, what do you want me to do, Dad? Kidnapin ko 'yung babae and force the formula out of her?” nakangising biro niya. Pero agad nagalit ang ama. Napahid ang ngiti niya nang singhalan siya nito.

“Could you please stop fooling around and be serious kahit ngayon lang? Hindi biro ang bagay naito, Philip. Puwedeng bumagsak lahat ng pinaghirapan ko.” Dumatal sa kanila ang katahimikan pagkasabi nito niyon.

Wala talaga itong ka-humor-humor sa katawan. Kumbaga, lagi itong Biyernes Santo.

“I want you to get that formula for me. Kaibiganin

mo 'yung babae na sinasabi ko. Ligawan mo kung kailangan. It wouldn't be difficult for somebody as good-looking as you. I don't care how you do it, as long as makuha mo ang formula or mapalipat mo siya sa kompanya natin," deklara nito.

Napatayo siya sa kinauupuan.

"You are unbelievable, Dad. May girlfriend na ako. Paano ko ito ipapaliwanag kay Reena? At paano ko makukumbinsi ang babaeng iyon to give in? Ikaw nga hindi mo kinaya. And you have power and money to back you up."

"Huwag mong sabihin na wala kang pera, Philip. I know otherwise how much you make being a race car driver. You're considerably younger than me. Use your charm to get to that girl. About Reena, make her understand na palabas lang ito. Gan'un kadali. Use your head, for God's sake. Guwapo ka, mayaman, sanay sa babae. Lahat ng tao ay may weakness. Maaaring lalaki o pag-ibig ang kahinaan niya," patuloy nito.

Napapasapo sa ulo na bumalik siya sa pagkakaupo.

"Are we this desperate, Dad? Marami ka nang pera. Wala ka nang ibang paglalaanan ng yaman

mo. You can retire tonight if you want to.”

“This is not just about money!” napipikong sabi ng matandang Dela Cuesta.

Napatiim-bagang siya. “Your pride then? But I’m sure hindi babagsak ang kompanya nang dahil lang sa special wine na iyon ng *Vino Rozzi*. Marami kang puwedeng pambawi at pantapat sa kanila,” pagdadahilan niya.

“Our sales dramatically went down after the release of their special wine. People are starting to buy other of *Vino Rozzi* products. Napansin sila dahil sa wine na ’yun. Ngayon lang ito nangyari. Kung ganito nang ganito kada taon, posibleng ma-bankrupt tayo. Hihintayin ko pa ba ’yun? Payag ka na barya na lang ang mamanahin mo?” Tumalikod ito para magsalin ng tubig at uminom.

Well, at least, may plano pala itong pamanahan siya.

Phil thought that he would not receive a penny. Lagi siya nitong sinusumbatan dati na walang pakinabang sa negosyo at panay good time lang ang ginagawa. Dapat daw, i-apply niya ang natapos. He had a degree in Marketing.

Mr. Dela Cuesta never considered racing as a

decent profession. Para sa ama, pagwawaldas ng pera at oras ang sports. Humugot ito ng malalim na hininga bago siya muling hinarap.

“I’m telling you, Philip, hindi ako mang-iistorbo sa ’yo kung hindi kita kailangan. Hindi ako makakapayag na isang dating tauhan natin na nagsarili at nagtayo ng kaparehong negosyo ang magpapabagsak sa akin.” He seemed hurt sa huli nitong tinuran. Narinig niya na ang kuwentong iyon kay Mang Domeng bago siya umalis papuntang Amerika.

Diumano, ang dating kanang kamay ng ama ay tumiwalag sa kompanya, bringing all the formula and concoction of *DC Wines*. Thus, *Vino Rozzi* became an instant success.

Phil didn’t care at the time. Masyado siyang nabubuwisit sa ama nang mga panahong iyon dahil kasagsagan ng pagkontra nito sa passion niya sa racing.

So, in a way ay tama ito, wala pa siyang naitutulong sa hanapbuhay nila. Nakapagtapos siya ng pag-aaral at sunod ang layaw sa pamamagitan ng kinikita mula sa *DC Wines*.

May pagkukulang man ang ama emotionally, in

fairness to him, he had always been a good provider. Isa pa, ngayon lang niya narinig na kailangan siya nito. Masarap pakinggan na kahit papaano, na-recognize nito na nag-e-exist siya at may posibleng pakinabang.

“All right. I’ll do my best to get that formula or convince her to work for *DC Wines*,” napahinuhod na pangako niya.

Kapalit ng kanyang pagpayag ay ang approval at pasasalamat na rumehistro sa mukha ng ama. Matagal na panahon ding hindi niya nakita iyon. Gusto niya tuloy yakapin ito subalit alipin pa rin siya ng alaala ng nakaraan.

Ilang beses din siyang nagtangka noong bata pa siya na yakapin ito. Pero ilang beses din ba siyang iniwasan nito? Ayaw niyang maalala uli ang pait so he kept his arms to his side.

Nasa vicinity si Phil ng *Vino Rozzi* para simulan ang misyon. Kagabi, pinag-aralan niya ang profile ng babae na gustong ipirata ng ama at palipatin sa *DC Wines*. Malinaw sa alaala niya ang pangalan nito: Kahlen Mavri Dizon.

He found her name to be unusual, weird even.

She was probably a nerd. The last adjective popped into his mind upon seeing her academic achievements last night. Consistent honor student ito. *Magna Cum Laude* sa kursong BS Food Technology from the *University of the Philipines* nang magtapos.

No wonder, nakaimbento ito ng ‘special wine’, as his father termed it. It would be tough to pretend that he’d like to befriend someone like her, other than for mercenary reasons.

Court her?

Mission Impossible.

Napabuntong-hininga siya. He never liked nerds, and he never dated one. Very popular ang circle of friends niya. Lahat ay may sinasabi sa buhay, anak ng mga kilalang tao.

He never bothered to look twice sa mga taong superstudious. And now, he had to deal with ‘her kind’. He could only hope na hanggang pakikipagkaibigan lang ang kailangan niyang gawin para makuha ang formula. Isipin pa lang na manliligaw siya sa isang nerd, nangingilabot na siya. Ipinarada niya ang kotse sa parking ng isang kalapit na building. Tinawagan niya ang espiya ng ama sa *Vino Rozzi*. Expected na nito ang tawag niya dahil naiabiso na diumano ni

Mr. Dela Cuesta ang pagdating niya.

“This will be your last task for us because I prefer to work alone. Isa pa, we have to be very careful. Kailangan ko lang ay description kung sino si Miss Dizon since walang picture na naka-attach sa profile niya na ipinadala mo kay Dad,” ani Phil.

“Okay, Sir. Uwian na po kami. Karaniwan po ay pinakahuling lumalabas si Ma’am dahil nagpapaiwan pa siya sa lab,” anang espiya. Pagkatapos ay inilarawan nito ang babae.

“Thank you. Just wait for your payment,” paalam niya.

Mula sa loob ng kanyang kotse ay kitang-kita niya ang mga papalabas na empleyado ng *Vino Rozzi*. Inabala niya ang sarili sa pakikinig ng tugtog. Quarter to six. Patuloy pa rin siya sa pagmamasid. Marami na ang nakalabas pero wala pa ring nagfi-fit sa description ng espiya.

Past six. Mula sa mataas na gate ay lumabas ang isang babae. Ayon sa espiya, may dalang yellow bag si Miss Dizon, medyo matangkad umano ito, balingkinitan ang katawan at halos umabot sa baywang ang unat na buhok.

That’s definitely her.

Lumabas siya ng kotse para masipat nang husto ang babae. Kunwa'y may sinisipat lang siya sa gulong. Saktong sa tagiliran niya naglakad ang dalaga. Nahigit niya ang hininga nang magtama ang mga mata nila.

She was not what he expected at all! Kahlen Mavri Dizon was not geeky or anything remotely close to that. He had two words for her.

Exquisitely beautiful.

Saglit na napahinto sa paglalakad si Kahlen nang mag-angat ng ulo ang lalaking may sinisilip sa gulong ng naka-park nitong sasakyan.

Deep-set eyes, patrician nose, at mamulamulang labi.

Gusto niyang mapairap. Some men have all the luck. Dahil base sa modelo ng kotse, mukhang mayaman din ang lalaki.

Tumayo ito nang tuwid. Nasa five ten to six feet ang height nito sa tantiya niya. Very manly ang tindig at fit ang pangangatawan. Dali-daling siyang humakbang palayo nang gantihan nito ang appraisal na ginawa niya kanina lang. Bigla tuloy siyang na-

conscious sa suot at ayos. It was a rough day at the lab. Sana ay nag-retouch siya kung alam niyang may mae-encounter siya na kasing-guwapo nito. Pinara niya ang unang taxi na dumaan. Nasa inuupahang apartment na siya pero very vivid pa sa alaala niya ang lalaki.

Panay kasi apparatus at chemicals ang kaharap niya.

She mentally kicked herself. Ngayon lang siya talaga nakakita ng lalaking napukaw ang kanyang interes.

Shame on you, Kahlen! Twenty-three years old and never been kissed, patuloy niyang tuya sa sarili.

Humiga siya sa kama at nag-browse sa cellphone. Iisa lang ang mensaheng naroon. Text ng ina na nagpapaalalang magtu-tuition na naman ang kanyang kapatid sa kolehiyo at may babayaran diumano sa eskuwelahan ang dalawa pa na nasa high school at elementary. Ngayon lang lubusang nag-sink in sa kanya na ni wala siyang best friend na matatawag. Manliligaw? Zero.

Not that it mattered to her during her college days. She was perfectly fine sa mga kaibigan at kaklaseng mayroon siya sa unibersidad. Walang

nangungulit na gumimik para umagaw ng oras niya sa pag-aaral.

Kailangan niyang ma-maintain ang matataas na grado. May dalawa rin namang nagpakita ng interes sa kanya noon. Dangan nga lamang at ni-reject niya agad dahil ayaw niyang maistorbo ang konsentrasyon sa pag-aaral.

Mayroon din siyang na-meet at nakapalagayang-loob noong third year college pero sa huli, natuklasan niyang ginagamit lang siya nito para makapasa at magpaturo sa organic chemistry.

Since then, mas naging cautious siya when it came to guys. Hindi man siya nakaranas kung paano magkanoby, nakapagtapos naman siya with honors.

Naka-graduate siya, nagkatrabaho at ngayon, napapag-aral niya ang mga kapatid.

Dapat, masaya siya. Bakit parang kulang pa rin?

Sabado. Wala siyang pasok kaya naisipan ni Kahlen na mamasyal. Dapat ay uuwi siya sa kanila sa Quezon province pero dahil may convention siyang dapat puntahan later on, hindi niya magagawa iyon.

Sumakay siya ng jeep papunta sa local na museum na hindi niya pa napapasok. Sabi ng mga roommates niya dati sa dorm, kakaiba raw talaga siya.

Ang mga ito kasi, mahilig sa malls at bars, siya—mas gusto ang science fairs, art exhibits at scholarly gatherings. Sports enthusiast din siya, hindi dahil sporty siya o athletic, pero dahil gusto niyang i-analyze iyon gamit ang prinsipyo ng Physics. Paborito niya ang Physics at Chemistry sa lahat ng branches ng Science.

Kung mabibigyan nga siya ng pagkakataon, gusto niya pang mag-aral uli at kumuha ng kursong BS Applied Physics. Pero hindi pa puwede dahil tatlong kapatid pa ang dapat niyang patapusin.

Umikot-ikot si Kahlen sa museum at nagtagal sa hilerang mga antique jars.

“Pretty amazing...” narinig niyang sambit ng isang lalaki malapit sa kanyang kaliwa.

Napatingin siya rito at kumabog ang dibdib niya nang ma-realize kung sino ito. Ito iyong nakita niyang guwapo kahapon!

Tila hindi siya napansin nito. Marahan itong lumipat ng puwesto at huminto sa isang particular

na piece.

“This is a burial jar?” tila paniniyak nito kahit walang partikular na kausap. He had an American accent.

Hindi nakatiis si Kahlen. “Yes.” Sa wakas ay tumingin ito sa kanya.

“I see. Thanks for confirming,” nakangiting sagot nito.

Such a nice smile, she thought.

Kapagkuwa’y napakunot-noo ito. “Excuse me, you look familiar. Nagkita na ba tayo before?” alanganing tanong nito bagaman naroon pa rin ang indulging twitch sa mga labi.

Tumango siya. “K-kahapon. Nagkita tayo malapit sa building ng *Vino Rozzi*.” Ewan kung bakit niya kinakausap ang taong ito. Dati-rati ay hindi siya trusting lalo na at hindi niya kilala.

Gusto mo kasi ng excitement sa monotonous mong buhay, sagot ng isip niya.

The man seemed to notice her hesitation and acted quickly.

“I see. Kaya pala parang natatandaan kita. By the

way, I'm Phil. You are...?" Ibinitin nito ang sinasabi at inialok ang palad.

"Kahlen," aniya, bantulot na iniabot ang kamay.

So her name is pronounced as Kei-len, not Ka-len, naisip ni Phil.

Kinamayan ito ni Phil nang mahigpit. It was a brief handshake pero parang nag-linger ang pakiramdam ng balat ng dalaga against his hand.

He was going to enjoy this after all.

"Nice meeting you. Ikot lang ako sa paintings, ha? Baka hinahanap ka na ng mga kasama mo." He said it with a voice as smooth as silk, trying to find out if she was with anyone.

Umiling ito. "Nag-iisa ako," paglilinaw pa ng dalaga.

Good, ani Phil sa sarili.

"Gan'un ba? Pareho pala tayo. Well, if you don't mind, puwede tayong magkasamang umikot dito," kaswal na sabi niya. He deliberately scraped the eagerness from his tone. Isinuksok pa niya ang isang kamay sa bulsa habang sinasabi iyon.

“Sige,” she agreed.

Hindi makapaniwala si Kahlen na ganoon lang siya kabilis nagtiwala sa lalaking nagpakilalang Phil. Tama nga yata ang napanood niya sa TV na resulta ng pag-aaral ng mga psychologists na mas madaling magtiwala ang tao sa mga magaganda at guwapo.

Tuloy, susceptible ang ilan sa mga modus ng panloloko lalo na kapag may hitsura ang gumagawa niyon.

Kagaya ng kaharap niya ngayon na napakalakas ng hatak, at ubod pa ng guwapo.

Puwede ka pang tumakbo, Kahlen...

“Look at this. Very minimalistic but striking,” bakas ang excitement sa tinig nito habang itinuturo sa kanya ang isang obra sa pader.

She relaxed a little bit.

Mukha naman itong may pinag-aralan at hindi manggagantso. Loosen up, payo niya sa sarili.

Dumako pa sila sa ibang obra na naroon. Manaka-naka ay nagpapalitan sila ng kuro-kuro at interpretation sa mga art pieces. Very articulate si Phil na napag-alaman niyang isang professional race car driver sa Amerika. Nandito ito sa bansa dahil

balak nitong magtayo ng race track sa Pampanga area para raw sa pag-eensayo at para pagdausan ng race events na maaari nitong pagkakitaan.

So, I was right, aniya sa sarili.

Mayaman nga ito. Wala pa siyang naging kaibigan o acquaintance na mayaman. Nadagdagan ang excitement na nadarama niya.

A handsome and rich man, talking to her...

“Ano nga pala ang surname mo?” usisa niya.

“Dela Cuesta,” dagling sagot nito.

Dudang napatingin siya sa lalaki. “You are not by any chance related to Mr. Dela Cuesta of *DC Wines*?”

Napatawa ito sa sinabi niya. “Nope. I don’t know the man. As I’ve told you, sa America ako naka-base,” anito.

Tumango-tango siya. Nagpatuloy ito.

“Why? May ginawa bang trouble sa ’yo ang kaapelyido ko?” pabirong tanong nito.

“Wala naman. Mauna na ako, ha? May dadaanan pa ako, eh,” paalam na niya.

Mr. Dela Cuesta of *DC Wines* insulted her a

month ago by bribing her to sell the formula of the wine she concocted for *Vino Rozzi*. Akala nito ay masisilaw siya sa pera.

Knowing na Dela Cuesta rin ang lalaking kausap kanina pa, parang natauhan siya. It awakened flight alarms in her head.

She tried to rationalize na puwedeng nagsasabi si Phil ng totoo—na hindi ito connected sa owner ng *DC Wines*. Pero kanina pa siyang unwary. You couldn't be too careful in this day and age. Kung may pera lang siya ay paiimbestigahan niya kaagad ang Phil Dela Cuesta na ito. If she were a fan of social networking, she would create an account and ascertain na nagsasabi ito ng totoo.

But she was being too paranoid dahil lang sa matandang Dela Cuesta na iyon. Maraming Dela Cuesta sa mundo. Pero mabuti na ang nag-iingat. At ang pinakamabuting gawin ay umiwas na rito bago pa siya mapahamak.

2

Napansin ni Phil kung paano dagling nagbago ang timplada ni Kahlen nang marinig nito na isa siyang Dela Cuesta. Perhaps, mali na sinabi niya ang totoong apelyido. Now, hindi na niya mababawi iyon.

At hindi na niya ito makukumbinsi na lumipat sa kompanya nila dahil he denied his connections to *DC Wines* already. Burado na ang unang plano na kaibiganin lang ito at kumbinsihin na magtrabaho sa kanila.

Game on na para sa Plan B: to make her fall so hard she would give him everything, including that wine formula. Hinabol niya ang babae.

“Would you care for a snack?” alok niya.

“Salamat, pero busog pa ako. Sige, nice meeting you, Phil.”

“Likewise. Ingat,” sabi niya, not pushing his luck para hindi ito magduda.

Kumaway pa ito bago tuluyang nawala sa paningin niya.

First base, aniya sa sarili.

Magkakilala na sila ngayon. Dahil nasa profile na hawak niya ang address ni Kahlen, kaninang umaga ay pumuwesto agad siya di-kalayuan sa apartment nito para magmanman. Sinundan niya ito papunta rito sa museum at isinakatuparan ang ‘aksidenteng’ pagpapakilala.

He didn’t plan to lie much. Mahirap nang mabulilyaso ang plano. Majority ng sinabi niya rito ay totoo. Maliban sa kaugnayan niya sa *DC Wines*.

And of course, eventually, he couldn’t tell Kahlen about the girlfriend he left in the States, in case kailangan niya itong ligawan.

The idea of courting her didn’t seem so dreadful now. He smiled despite himself. Nasa kotse na siya nang mag-ring ang cellphone.

It was Reena.

Shoot!

He forgot to call her.

“Well?” inis na bungad ng nobya.

Nag-sorry siya at nagpaliwanag. Hindi nito matanggap na magtatagal siya sa Pilipinas dahil sa ipinagagawa ng ama. Halos hysterical na ito nang mabanggit niya na kinukuha niya ang loob ni

Kahlen para lumipat ito sa kompanya nila or at least, makuha nila ang formula mula sa dalaga.

“Kailangan mo pa ba talagang gawin ’yun? Bakit hindi na lang tapatan ng daddy mo ng pera?”

“Ginawa na nga niya pero hindi natinag ’yung babae. I don’t know, malamang hindi maganda ang approach ni Dad. We all know he could be very annoying. In short, I need to do this para bumalik ang competitiveness ng *DC Wines*.”

“Paano kung hindi siya makuha sa kai-kaibigan lang? Eh di liligawan mo?” asik ng nobya.

Napabuntong-hininga siya at sinikap na magpaliwanag.

“Reena, calm down. That is—” Pero hindi nagpaawat sa pagsasalita ang babae.

“Paano kung totoong ma-in love sa ’yo ’yung girl or ikaw ang magkagusto sa kanya? Naku, humanda ka lang talaga!” banta nito.

Tumawa siya. “Yes, that’s my other plan, to make her fall. Pero ako, magkakagusto sa kanya? Come on, Reena, hindi kita ipagpapalit. She is not my type at all.”

Eight or ten years ago siguro totoo iyon. Mahilig

siya sa mga drop-dead beauties mala-beauty queen or socialite ang dating—kagaya ni Reena.

Pero may kakaibang pang-akit si Kahlen na napansin niya. Very natural, at hindi nakakasawa. Ni hindi ito naka-makeup nang una niyang makaharap pero pleasing pa rin tingnan. Makinis ang balat nito, mamula-mula ang pisngi. She also smelled pleasant, kahit parang baby cologne lang yata ang gamit. May sumilay na ngiti sa mga labi niya sa naisip.

“I’m not a hundred percent convinced. That scheme is totally outrageous, desperate and offending to me!” maktol ni Reena.

Inalo niya ang nobya. Kahit sino siguro ay magpi-freak out sa isiping may kinakaibigang babae ang boyfriend at kailangan pang ligawan. Kahit na ba sabihing ‘for a cause’ iyon. Natapos ang usapan nila sa pangako ni Phil na hindi siya magkakamaling totohanin ang palabas. Umuwi siya at nag-report sa ama tungkol sa kanyang progress.

“Okay. I’m busy. Saka mo na ako kausapin kapag may definite progress na ang ibabalita mo. Sana sa susunod, mas maganda na ang maririnig ko,” anito habang nakasubsob ang ulo sa makapal na logbook.

As expected, hindi pa rin good enough para rito

ang ginawa niya. Ni hindi siya nito pinasalamatan at pinuri na within two days, acquainted na siya sa Miss Dizon na iyon.

He was never appreciated by this man. Kinakausap lang siya nito noon pag may nagawa siyang kalokohan. Kaya noong high school, sinadya niyang maging pasaway at asarin ito para magpapansin.

He longed to be loved but his dad didn't seem capable of it after Olivia died. Maraming beses na rin niyang itinanong sa sarili kung bakit hindi na lang siya ang namatay sa aksidenteng iyon.

He felt guilty dahil siya ang nabuhay sa halip na ang ina. Kaya nga he became so engrossed in racing. May isang panig ng katauhan niya na gustong i-challenge ang kamatayan. And what better way to defy it than by the very thing that claimed his mother's life.

Also, fascinated siya sa bilis ng kotse at sa danger ng karera. And despite his stunts, buhay pa rin siya. Mabigat ang loob na muli siyang umalis ng bahay dala ang kanyang sasakyan. Pinaharurot niya iyon sa kalsada at sinadyang makipaggitgitan sa malalaking sasakyan sa daan.

Puwede niyang banggain ang mga kasalubong pero hindi kaya ng konsyensya niya. Alam niya kung gaano kasakit mawalan ng mahal sa buhay at hindi niya maaatim na may isa pang batang maulila at mag-suffer kagaya niya.

Humantong siya sa isang bar. Dahil puno na sa loob at parang nanlalambot pa siya para muling magmaneho, pumuwesto siya sa isang pandalawahang mesita sa labas. Um-order siya ng alak at agad na uminom in an attempt to calm his nerves and wash away his depression.

Papalabas na si Kahlen ng convenience store at sasakay na sana ng jeep pauwi nang mahagip ng mata niya ang isang pamilyar na pigura sa labas ng bar.

Si Phil Dela Cuesta ba iyon?

Sunud-sunod ang lagok nito ng alak at tila malalim ang iniisip. Kabaliktaran ng Phil na nakilala niya kanina lang sa museum. Mukha itong problemado ngayon.

And so? Wala ka na d'un. Pero nakakaawa siyang tingnan.

Dalawang panig ng utak niya ang nagdebate.

Gabi na, dapat na siyang umuwi. Katatapos niya lang magsimba nang maisipan niyang mag-grocery nang kaunti para may supply siya next week. May seminar pa siya kinaumagahan kaya sa convenience store na lamang siya dumaan. Isa pa nga, medyo late na.

Sasakay na sana siya ng jeep nang makita at kawayan siya ni Phil. Huli na para magkunwari na hindi niya ito namukhaan. Tumawid siya ng kalsada at pinuntahan ang kinaroroonan nito.

Agad itong tumayo at binigyan siya ng maupuhan.

“Hi. It’s you again. Akala ko dati, malaki ang Maynila. Maliit lang din pala. Muli tayong nagkita,” saad nito.

Ngumiti siya nang alangan at inilapag ang daladalan sa ilalim ng mesa.

“Mukhang naglalasing ka, ah,” puna niya.

Tumawa ito at tinawag ang waiter.

“Nagre-relax lang. Order ka, treat ko,” anito.

Umiling siya. “Hindi ako gaanong umiinom.

Saka hindi ako magtatagal. May seminar akong pupuntahan bukas.”

“No, I insist. Kaunti lang,” pamimilit nito. Um-order ito ng margarita para sa kanya.

Napabuntong-hininga na lang siya.

Pinagmasdan ni Phil ang dalaga. Hindi niya inaasahan na muling magkukrus ang landas nila. Kanina lang, nasa museum sila. It was orchestrated. Hindi ang pagkikitang ito.

But he was thankful that she was here. Hindi lang dahil oportunidad ulit ito para sa misyon niya, kundi dahil may makakausap siya kahit paano. He badly needed someone to talk to right now.

“So, ano nga pala ang work mo?” nakangiting tanong niya.

“Food technologist ako,” maikling sagot nito. Ikinuwento nito na fresh grad ito at in-absorb agad ng *Vino Rozzi*. Nag on-the-job training umano ito sa kompanyang iyon kaya doon na rin nito piniling ipagpatuloy ang pagtatrabaho. Fair din daw ang pasahod at mabait ang CEO ng kompanya.

Binigyan umano ito ng mataas na position despite her lack of experience. Luminaw kay Phil

ang lahat. Loyal ito at tumatanaw ng utang na loob. Mahihirapan talaga silang mapalipat si Kahlen sa *DC Wines*.

Dumating ang margarita nito at tinikman iyon ng dalaga.

“Kulang sa island lime,” puna nito sabay ngiwi. “Mahilig ka sa wine?”

“Definitely,” he replied. “I’d love to hear from you how it is done.” He was trying to manipulate the conversation para mapunta sana sa formula ng special wine ang kuwento ni Kahlen, but she seemed... watchful of her words.

Almost jumbled ang sinasabi nito tungkol sa trabaho. Marami pa silang napagkuwentuhan na kung anu-ano kaya kahit paano, naibsan ang bigat na dinadala niya. Pati experiences niya sa racing ay nai-share niya rito. Bagay na labis nitong na-appreciate.

“Wow! Ang sarap sigurong sumakay sa isang race car. To feel the speed and power of the machine...”

Napahanga siya rito. Most of the women he had dated were scared of speed, lalo na si Reena. Masyadong precious daw ang buhay para itaya upang maranasan lang kung papaano ang maging

mabilis sa daan.

Actually, dini-discourage siya ng nobya na magkarera, pero, siyempre, hindi siya basta-basta susunod. Racing was in his system. Sinabi niya kay Kahlen na isasama niya ito minsan sa race track at pasasakayin sa kanyang sports car na isang *Shelby Cobra*.

It wasn't much. Ang race car niya ay nasa Michigan, although mabilis din kaysa karaniwan ang sasakyan niya rito sa Pilipinas. Besides, hindi puwedeng angkasan ang totoong race car. Bakas ang enthusiasm sa mukha ni Kahlen dahil sa sinabi niya. Nang mapasulyap ito sa suot na relo, napalitan ng shock ang enthusiasm na iyon.

“Goodness, two a.m. na pala! Hindi ko napansin ang oras. I should be going now.” Natataranta nitong isinukbit ang bag at pinulot ang mga dala-dalahan sa ilalim ng mesa. Pinigilan niya ito.

“Wait, magbabayad lang ako. Ihahatid na kita.”

“Huwag na. Magta-taxi na lang ako,” tanggi ni Kahlen. Ang totoo ay kahit madami na silang napagkuwentuhan, nag-aalangan pa rin siyang magpahatid agad sa binata.

She felt like it was too soon. But she was hoping

to see more of him. Tinantiya siya ni Phil at nakita nito ang worry niya.

Ngumiti ang binata. “Okay, hindi ako magpipilit. Isasakay na lang kita ng taxi. Pero para hindi ako mag-alala kung nakauwi ka nang maayos, kindly get my cellphone number and text me when you arrive home,” he said.

Hindi kumilos agad si Kahlen. Bagay na muling napansin ni Phil.

Okay lang bang ibigay ang number niya sa lalaki gayong kakakilala lang nila?

Ibinukas ni Phil ang wallet at may kinuha mula roon. Isang ID na nagpapakitang member siya ng professional racers’ association ng Michigan State. Iniabot niya iyon sa kunot-noong dalaga.

“A-ano ito?”

“My ID. Just to assure you. Return it to me na lang kung naniniwala ka nang hindi ako masamang tao,” sabi ng binata.

Napailing na lang ang nakangiting si Kahlen nang ibigay nito ang cellphone number sa kanya.

Second base, nakangiting naisip ni Phil. Again, that was easy.

Umuwi na rin siya pagkatapos sumakay ni Kahlen ng taxi. He felt lightheaded, pero kayang-kaya niya pang mag-drive. Wala sa kanya ang nainom.

He was actually feeling heaps better, he noted. Masarap kausap si Kahlen. Hindi lang ito simple at maganda, matalino pa at may humor. He found himself impatient to see her again. Upon arriving home, dumating ang text ni Kahlen.

“I’m safely home. Thanks.” May smiley pa ang text nito. Nag-reply siya at sinabing nakauwi na rin siya. Nakatulog siyang may ngiti sa labi.

As strategy, para hindi siya ma-over expose, hindi nagpakita si Phil kay Kahlen nang tatlong araw. Pinasimulan niya ang pagpapagawa ng race track sa Pampanga. Ang pondo niya para roon ay galing sa premyong napanalunan mula sa huling karera na sinalihan niya sa Amerika. Sosyo sila ng kaibigang si Rob na isang amateur race car driver dito sa Pilipinas. Ito ang magma-manage ng race track kapag wala siya sa bansa.

Sa loob ng tatlong araw, regular niyang kinukumusta sa text si Kahlen. Ang technique ni Phil, huwag siyang always available pero hindi rin

siya dapat mawala sa eksena. Bagay na epektibo dahil lingid sa kaalaman niya, hindi siya nawala sa isip ni Kahlen.

For the first time, hindi ito maka-focus sa trabaho dahil sa isang lalaki.

Ipinilig ni Kahlen ang ulo. Mangani-ngani na niyang i-text ang binata na magkita naman sila pero inuunahan siya ng hiya. Ano na lang ang iisipin nito? Matamlay siya habang papalabas ng building. Nakayuko siya habang naglalakad kaya hindi niya napansin ang paghinto ng isang *Shelby Cobra* sa tapat niya.

“Hop in!”

Si Phil!

Ibinukas nito ang pinto para sa kanya. Pinigilan niya ang sariling tumakbo papalapit dito.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” takang tanong niya sabay pilit na ikubli ang pananabik sa boses.

“Sinusundo ka to let you experience the joy of riding a fast car. You also got my ID and I’m wondering kung ngayon mo na ibabalik?” nakangiting sabi nito.

Saglit siyang natigilan.

Returning his ID meant she trusted him already, sabi nga nito.

Well, bakit ba ako magpapakiyeme pa?

She wanted to be with him. At baka kailangan na nito iyon. Hinanap niya ang ID sa kanyang wallet at ibinalik iyon dito. Gumuhit ang tuwa sa mukha nito.

“So, naniniwala ka nang mapagkakatiwalaan ako?”

“Hmm, slight,” kunwa’y alanganing sagot niya, smiling widely afterwards.

Should I consider this a homerun? tahimik na tanong ni Phil sa sarili.

Wala nang agam-agam si Kahlen sa kanya. Nag-joyride sila nito sakay ng kanyang matuling sports car.

She loved it and even shared to him scientific ‘facts’ on how to make the car faster around curves using the principles of Physics.

Sobrang na-impress si Phil lalo nang sabihin nitong hindi ito marunong mag-drive, pero marunong ito sa mechanics ng sasakyan.

He promised to teach her how to drive. Namilog ang mata nito sa tuwa.

“Talaga? Naku, nakakahiya naman at saka baka masyado na akong mag-enjoy niyan,” biro nito.

“No prob. I will be around,” nakangiting paniniguro niya.

Kinilig si Kahlen sa isinagot ng binata. Nag-dinner sila sa isang Italian restaurant pagkatapos. Iyon na ang simula ng kanilang mas malapit na pagkakaibigan. Namalayan na lang ni Phil na genuine na ang ipinapamalas niyang pagkagiliw kay Kahlen at parang naging routine na niya ang paghatid-sundo rito.

To his amazement, he had already stopped counting kung nakakailang base na siya rito. Talagang totohanan na ang pakikipagkaibigan niya rito. Ipinakilala na niya ito kay Rob at maging sa ilang kaibigan niyang racing enthusiasts.

“Kaibigan lang ba talaga?” tanong ni Rob. Kumindat pa ito.

Napayuko na lang si Kahlen.

“Ikaw talaga, Rob. Hindi kami talo!” ani Phil.

“Ows? Kilala kita, Phil. Marami kang pinaasa at

pinaiyak noon pa man,” pambubuyo pa ni Rob.

“Ano ka ba? Baka maniwala sa ’yo si Kahlen niyan,” sita niya.

Napangiti ang dalaga.

“Eh, bakit parang ang sweet n’yo sa isa’t-isa?” kulit ni Rob.

Namula na talaga si Kahlen.

“Tama na, Pare. Nahihiya na si Kahlen, o,” awat niya.

“Kahlen, biro lang, ha? Hindi ka naman pikon, di ba? Pero if ever, okay lang ba sa ’yo si Phil?” walang gatol na tanong ni Rob na tuluyan nang hinila ng natatawang si Phil para ilayo sa dalaga.

Habang pauwi sila, humingi siya ng pasensya tungkol sa pang-aasar ni Rob.

“Wala ’yun,” anang dalaga.

Deep inside, natutuwa si Kahlen. *Why not?* Phil was in every way an ideal man. Guwapo, may pinag-aralan, mabait. Sobrang madali itong mahalín, sa puso ay alam niya iyon. Dumaan sila sa isang drive thru para bumili ng burger at soft drinks.

Binuksan ni Phil ang wallet at humugot ng

dadaanin para magbayad.

“Yung tanong ni Rob, if ever nga...” Ibinitin nito ang sasabihin. Biglang nalaglag ang wallet nito habang ibinabalik nito iyon sa bulsa ng pantalon.

Tumambad ang litrato nito at ng isang magandang babae, magkadikit ang pisngi ng dalawa at hindi maitatangi na magkarelasyon ang mga ito.

They both remained motionless. Naramdaman ni Kahlen ang pinong kurot sa kanyang dibdib. She was disappointed and shocked na may girlfriend na pala ito ngunit hindi man lang nabanggit sa kanya despite their ‘openness’ to each other.

Ngunit wala siyang dapat ipagtampo. Hindi siya nililigawan nito. Wala siyang maalala na nag-insinuate ito that they could be more than friends. Sabi nga nito, hindi sila talo.

Isa pa, sa qualities ni Phil, did she really believe na single at available pa ito?

Binasag niya ang awkwardness ng sitwasyon sa pamamagitan ng pagpulot sa wallet at pagsasauli niyon sa binata.

“O, di ba? How timely. ’Ayan na ang sagot.” Pinilit niyang pasayahin ang boses while Phil was

dumbfounded at this turn of event.

Hindi nito sinasadyang i-reveal kay Kahlen ang tungkol kay Reena. He shouldn't have been so careless. He cleared his throat in an attempt to buy time to think of what to say next.

You are so busted, Phil!

Burado pati Plan B niya.

For sure, hindi na maniniwala si Kahlen pag niligawan niya ito. But he certainly didn't wanna lose her so wala siyang choice kundi aminin ang tungkol kay Reena and hopefully find a way out of this mess.

“Kahlen, I'm sorry hindi ko nasabi sa 'yo agad ang tungkol dito.”

“Hindi mo kailangang mag-explain, ano ka ba? It's your right if you want to be discreet about your personal life. Saka magkaibigan lang naman tayo. It's not as if nililigawan mo ako or anything.” Lalo siyang nag-worry sa huling tinuran nito.

“What if ma-in love ako sa 'yo?” Sinikap niyang sabihin iyon ng kaswal.

Pinilit ni Kahlen na ngumiti. Kung itinanong iyon ni Phil bago niya nalaman ang tungkol sa

nobyang nito, marahil nakalutang siya ngayon sa kilig. Napabuntong-hininga na lang siya.

“Then don’t, because I won’t believe you,” walang kurap na sagot ng babae.

Phil could feel from her actions that she really meant what she said and it saddened him more.

Stupid, he mocked himself secretly.

Sinikap niyang ilayo roon ang topic at mabuti na lang dahil tila nakalimutan din agad iyon ni Kahlen. Nakahinga siya nang maluwag na hindi nagbago ang pakikitungo sa kanya nito nang mga sumunod na araw despite the fact that he already had a girlfriend.

3

Tanggap ni Kahlen na may girlfriend na si Phil kahit secretly, medyo nadismaya siya at first. Habang tumatagal, mas lumalalim ang pagtitiwala niya rito kaya maging sa apartment niya, malaya itong nakakapunta at minsan pa nga, doon sila kumakain.

Kahlen felt she had won his confidence in return. He eventually became more open to her about his personal life. Isinasama siya nito sa mga lakaran at hinahayaang maki-mingle sa mga kaibigan nito.

Walang worry si Phil kahit higit pa sa inaasahan ang level ng pagkakakilala sa kanya ni Kahlen. Unang-una, wala halos nakakaalam na siya ang kaisa-isang tagapagmana ng *DC Wines*.

His dad never bothered to bring him to company gatherings, never took the time to introduce him to his employees. Lumaki siya behind the public eye.

Isa pa, hindi niya ugaling magkuwento ng personal na buhay kahit sa mga malapit na kaklase at kaibigan.

Ilang buwan na silang magkaibigan ni Kahlen pero hindi niya na mabuksan ang tungkol sa formula

ng special wine. Naiinip pa nang sobra ang ama dahil doon.

“Bumubuwelo lang po ako, Dad. Hindi ga’nun kadali. Ngayon ko pa ba sisirain ang tiwala niya?” depensa ni Phil.

Sobrang naging komportable na talaga kasi siya sa dalaga, parang natatakot siya na kapag inungkat niya ang tungkol sa formula, masira ang maganda nilang samahan. Na mapagtagni nito na iyon ang kanyang main purpose.

Special si Kahlen sa kanya in so many ways. She comforted him and understood him like nobody did.

“I’m just reminding you, Philip. Baka masyado ka nang naaliw sa babaeng ’yan at makalimutan mo na you are supposed to use her for our benefit,” buwelta ng ama.

Namula siya sa galit dahil sa sinabi nito. As if Kahlen was just some toy, not capable of hurting. Mas nasaktan siya nang maalala ang katotohanang iyon talaga ang plano niya. Umeksena sa buhay nito, gamitin ang closeness nila para makuha nila ang formula o ang serbisyo nito sa *DC Wines*.

She trusted him so much. Sabi nga nito, she had never allowed anyone to be this close to her.

Pinuntahan niya si Kahlen sa tirahan nito. Gulat na gulat ang dalaga pagkakita sa kanya.

Bigla niya itong niyakap nang mahigpit. Iyon lang ang tanging paraan para maiparating niya rito how sorry he was to have even considered playing with her feelings.

Takang napayakap na lang din ito sa kanya.

“Hey... What happened to you?” mahinang tanong nito.

Bumuntong-hininga siya at pinakawalan ito.

“Wala lang, na-miss kita bigla,” pagtatapat niya.

Tumaba ang puso ni Kahlen sa narinig. She had grown comfortable with his sweet nothings. Dati, sobrang kinikilig siya at akala niya, ‘pahaging’ ang mga iyon galing kay Phil. Ngayon, alam na niyang likas na iyon dito.

Malambing, maalalahanin, touchy at very appreciative. At kung nais niyang magkanoby, kailangan lawakan niya ang kanyang horizon at tumingin beyond Phil Dela Cuesta.

Phil was just a friend. He could not be one of her prospects.

“Talaga lang, ha? Halika nga dito,” tawag niya. Lumapit naman ito. Nakangiting niyakap niya ito at hinaplos-haplos sa buhok na parang isang paslit.

“Thank you, Kahlen,” bulong nito habang nakapikit, savoring the warmth and comfort of her touch.

“For what?” she asked.

“For so many reasons. For still being here, for accepting me as a person and for appreciating me.”

“Of course. Mabait kang tao at puno ng buhay. Mahirap na hindi ka ma-appreciate, Phil,” taos-pusong sagot niya.

Napatawa ito nang hungkag. “It’s ironic na marinig ’yan sa ’yo at never from my dad.” Ikinuwento ni Phil ang tungkol sa relasyon nilang mag-ama na pumangit mula nang mamatay ang ina sa aksidenteng kanilang kinasangkutan.

“But it was not your fault!” ani Kahlen.

Nangilid ang luha ng binata. “It actually was, Kahlen. Malikot akong bata, naglalaro ako sa loob ng kotse that time. Sinaway na ako ni Mommy pero hindi ako nakinig. Nabaril ko ng pellet gun ang tainga at leeg ng dati naming driver. Nasaktan siya

kaya nawala ang tingin niya sa daan. We swerved at bumangga sa truck na nasa kabilang lane. My mom instinctively covered me so I was spared. The driver and my mom died. Ako lang ang nabuhay.” Lumaglag ang luha nito sa kalagitnaan ng pagkukuwento.

“Kasalanan ko talaga, Kahlen. Dad is right to treat me like this. I killed my mom.” Yumugyog ang balikat nito sa pagtangis.

Hinila ni Kahlen ang binata at inalo sa kanyang mga bisig.

“Ilabas mo ang sama ng loob mo, Phil. But if you are to ask me, I do think wala kang kasalanan. Bata ka pa noon. Aksidente ang lahat. Pinili ng nanay mo na iligtas ka at hindi mo iyon kasalanan. It was her job to protect you,” alo niya. “Do you think kung nabuhay siya at wala man lang siyang ginawa para iligtas ka, she could forgive herself?”

Pinahid ni Phil ang luha sa pisngi nito.

“And as for your dad, ikaw ang mag-reach out. Kahit paulit-ulit ka niyang nire-reject, don’t give up. Sa buhay naman, nagkakamali lahat. Kahit magulang pa natin sila. Unawain mo siya. Utang mo pa rin ang buhay mo sa kanya kaya you ought to respect him no matter what. Pasasaan ba at matatagpuan niya

rin sa puso niya ang pagmamahal sa 'yo. Pray for it, Phil," payo pa niya.

Nanatili pa sila sa ganoong posisyon hanggang sa wakas ay pumayapa ang kalooban ng lalaki. Napansin nito ang travelling bag sa mesa.

Ipinaliwanag niya na uuwi sana siya ng Quezon para dalawin ang pamilya pero kung kailangan pa siya nito ay puwede naman niyang ipagpaliban.

She's really loyal and sensitive, Phil thought.

Tumayo ang binata. "No. You should go. Pasensya na sa pang-aabala ko," tila nahihiyang sabi nito.

"Sus, never kang nakaabala sa 'kin. Natutuwa nga ako na naging magkaibigan tayo. Naging colorful ang buhay ko mula nang makilala kita. Bigla, may someone na nag-aalala para sa 'kin bukod sa pamilya ko," pahayag niya.

Napangiti si Phil. "Same here. Kahit marami akong kaibigan, sa 'yo pa lang ako nag-open up nang ganito. Sana nga dati pa tayo nagkakilala. Malamang, naging mag-best friend tayo." Lumamlam ang mga mata nito sa huling tinuran.

"Malamang. Well, it's not too late. Puwede pa rin tayong maging mag-best friend ngayon," aniya

na nakapagpangiti rito.

Dumatal sa kanila ang katahimikan hanggang sa basagin iyon ng binata.

“Kahlen, puwedeng ba akong sumama sa iyo papuntang Quezon?” bantulot nitong tanong.

“Ha? Eh, probinsya sa ’min. Baka hindi ka sanay sa gan’un. Saka hindi sementado ang bahay namin at—”

“Please? Daan na lang tayo sa mall para makabili ako ng ilang gamit at pasalubong ko na rin sa parents mo,” agaw nito sa sinasabi niya.

Napailing na lang siya nang biglang bitbitin nito ang travelling bag niya. Magpapaliwanag na lang siya sa mga magulang kung bakit siya uuwi na kasama ito.

Bagamannabanggitnaniya ang tungkolsabinata, hindi siya sigurado kung isyu ba na magpapalipas ito ng weekend sa kanila. Hindi niya matanggihan si Phil lalo na sa nalaman kanina. He might have what most people considered important—looks, intelligence, resources.

Pero salat ito sa pinakamahalagang bagay sa lahat. Sa pagmamahal ng isang pamilya. Her heart

was bleeding for him.

Lahat ng mata ng mga Dizon ay nakatuon sa kanila habang paibis sila ng sasakyan. Biglang kinabahan si Phil kahit na na-orient na siya ni Kahlen sa maaari nilang datnan.

“Relax. Mabait ang mga magulang ko. Siyanga pala, bulag si Tatay. Pero dalhin mo lang sa noo mo ang palad niya pag nagmano ka,” paalala ng dalaga. Sumunod siya rito, bitbit ang mga bagahe at pinamili nilang pasalubong.

Nagmano si Kahlen matapos yakapin ang mga magulang na sa tingin pa lang ay mahihinuhang malulumang at mababait na tao.

“Nay, ’Tay, si Phil po, kaibigan ko. Phil, mga magulang ko,” pakilala nito.

“Magandang gabi po, Ma’am, Sir,” magalang niyang bati.

“Ikaw pala si Phil. Tawagin mo na laang kaming ’Nay Celing at ’Tay Nardo. Gan’un din ang tawag sa ’min ng mga kaklase nitong si Kahlen,” sagot ng ina ng dalaga.

Nahihiyang tumango si Phil at nagmano sa

dalawa. Dinama ni 'Tay Nardo ang palad niya.

“Kaawaan ka ng Diyos, Hijo,” nakangiting sabi ng matanda.

Hindi alam ni Phil kung magpapasalamat o ano ang dapat na isagot. Hindi niya nakamulatan ang pagmamano. Mabuti at in-excuse siya ni Kahlen para sa mga kapatid naman nito ipakilala.

“Phil, ang mga kapatid ko. Si Wayne, si Dastan, at itong bunso ay si Isobel.” Inisa-isa niyang kamayan ang tatlo.

Ang sumunod kay Kahlen ay binata na. Diumano ay first year college na ito. Ang pangalawa ay nasa high school at mukhang mahiyain. Samantalang bibo ang batang babae na parang replica ng mukha ni Kahlen.

“Ano ka po ni Ate?” tanong nito.

“Kaibigan po, Chief,” dagling sagot niya na ikinatawa ni Kahlen at ng mga magulang nito.

“Pasensya ka na, Hijo, at matabil talaga 'yan. Anak, samahan mo si Phil sa kuwarto niya. D'un na lang siya sa taas,” ani 'Nay Celing.

“Salamat po. Pasensya na po at makikigulo ako sa inyo rito ng dalawang araw,” sabi niya.

“Wala ’yun, Hijo. Pagpasensyahan mo na lang kung ano’ng meron dine, ha?” sansala ng matandang babae.

Ibinilin ng dalaga ang mgadalan bilang pasalubong sa mga kapatid. Sabay-sabay na nagpasalamat ang mga ito. Yari sa kahoy na ipil ang bahay. Up and down iyon na ang disenyo ay kagaya ng mga old houses noong unang panahon. May balkonahe ito sa ikalawang palapag na presko ang simoy ng hanging pumapasok.

“Pasensya na, ha? Luma ang bahay namin. Minana lang ito ni Tatay sa lolo ko,” nahihiyang sabi ni Kahlen.

“Are you kidding? Ang ganda nitong bahay n’yo. Hindi maalinsangan. I could live here forever,” walang birong saad niya.

Inirapan siya ni Kahlen. “Okay ka lang? Nasa mansion ka na, lilipat ka pa sa ganito?”

“It’s empty. Unlike here. Masuwerte ka, Kahlen. Mukhang masaya at mapagmahal ang pamilyang kinalakhan mo,” marahang sagot niya.

“O, huwag ka nang malungkot. Pamilya mo na rin kami. Nandito lang ako lagi para sa ’yo,” paniniguro nito.

Niyakap niya ito bilang pasasalamat at magkaagapay na bumaba sila sa unang palapag. Naabutan nilang patapos na ang mga kapatid sa pag-aayos ng mga dala nilang grocery.

Iniwang ni Kahlen si Phil sa mga kapatid para makatulong siya sa ina na nagluluto sa kusina. Tinolang manok na native at inihaw na isda ang ulam nila.

“Mukha siyang mabait at walang ere kahit halatang mayaman, ano?” hindi nakatiis na komento ng ina matapos silipin si Phil na ngayon ay kalaro na ni Wayne sa chess.

Tumango siya at ipinagpatuloy ang paghimay sa dahon ng sili.

“Magtapat ka nga, Kahlen. Hindi ka ba niya nililigawan?” anas ng ina.

Tigas ng iling niya. “May nobya na ’yan, ’Nay,” sagot niya.

“Ganoon ba? Aba’y masuwerte ang napusuan niya.”

Sinang-ayunan na lamang niya iyon. Inamin niya sa ina na may pagtingin siya noon sa binata.

Noong hindi niya pa alam na may sabit na ito.

“Hindi naman kataka-taka. Pero mag-iingat ka pa rin, Anak. Baka masaktan ka sa huli. Siguraduhin mo na hindi lalagpas sa kaibigan ang mararamdaman mo para sa kanya,” payo pa ng ina.

“Opo, 'Nay. Saka hindi siya 'yung tipong magkakagusto sa isang simpleng babae na kagaya ko,” aniya.

Naikuwento kasi ni Rob sa kanya na sa mga dating nobya nito, may *Mutya ng Pilipinas* runner-up, mayroong anak ng isang foreign dignitary at ramp model.

Obviously, mahilig ito sa mga sosyal. Hindi sa isang probinsyanang tulad niya. Bagay na lalong nagpatibay ng kanyang pagtanggap sa katotohanang hindi kailanman magiging ‘sila’.

Masagana ang kuwentuhan sa hapag pagdating ng tanghalian. Napag-alaman ni Phil na namana ni Kahlen ang talino sa ama at lolo nito na isa umanong imbentor. Ayon kay 'Nay Celing, maalwan sana ang buhay nila kahit paano noong naghahanap-buhay pa ang asawa bilang engineer. Kaya lang ay nabulag si Mang Nardo nang matalisikan ng kable ang mga mata nito. Nagkasya na lamang sila sa pension nito

buwan-buwan bagaman madalas ay kapos iyon lalo na kapag may mga bayarin sa eskuwelahan.

Pagkatapos kumain ay nagkuwentuhan si Phil at ang tatay niya.

Nagtungo siya sa banyo para mag-half bath.

Noong una ay tungkol sa buhay ni Phil ang tanong ng tatay ni Kahlen. Hanggang humantong sila sa kung paano niya nakilala ang dalaga at naging kapalagayang loob.

“Hindi pa nagpatulog ng kaibigan ang anak ko dito sa bahay, Phil. Kaya hula ko’y mabuti kang kaibigan sa kanya. Nababanggit ni Kahlen sa nanay niya kung papaano mo siya pakitunguhan. Kaya bago ka pa man pumunta rito ay kilala ka na namin sa pangalan. Salamat sa kabutihan mo sa anak ko. Malaking kapanatagan sa parte namin na malamang sinusundo mo siya sa trabaho lalo na pag alanganing oras na ng gabi ang kanyang uwi.” Bagaman sa kawalan nakatingin si Tay Nardo, banaag ni Phil sa mukha nito ang sinseridad sa mga tinuran.

He did those things as planned. Hindi niya lang inaasahan na ganito pala ang impact sa pamilya ni Kahlen ng simpleng mga gestures niya tulad ng

pagsundo sa dalaga.

Big deal sa mga ito iyon at na-appreciate ng mga ito nang husto.

Really, to hell with that wine formula.

Totoong tao ang mga ito. He would just have to face his father's wrath. He would not get that formula anymore. Sigurado siya, his dad would not take this lightly.

“Wala po iyon, 'T-Tay. Ako po ang dapat magpasalamat. You raised your daughter well. Masuwerte po kayo at nagkaroon kayo ng anak na kagaya ni Kahlen, at mas mapalad po ako to have met someone like her,” dagdag niya.

Saglit na natahimik ang matandang lalaki.

“Paano 'yan, buti at hindi nagseselos ang nobya mo na ganyan ka kalapit sa anak ko?” tanong ng kausap.

Hindi siya nakasagot agad. Na-sense ng matanda ang kanyang pag-aalangan.

“Nabanggit kasi ni Kahlen sa misis ko na may nobya ka na raw. Pasensya na, ha? Narinig ko ang pag-uusap nila. Hindi nga ako nakakakita, pero malinaw ang aking pandinig,” anito.

“O-okay lang po. Actually, alam po ito n-ng girlfriend ko,” paliwanag niya.

Totoo iyon, pero ang alam ni Reena, palabas lang ang pakikipagkaibigan niya kay Kahlen.

Tumango ang kaharap. “Mabuti kung gan’un. Ang inaalala ko ay baka awayin niya ang anak ko.” Ngumiti pa si ’Tay Nardo sa huling sinabi.

“Hindi naman po siguro aabot sa gan’un. Alam po ng girlfriend ko na magkaibigan lang kami ng anak n’yo. Huwag po kayong mag-alala, poprotektahan ko si Kahlen,” dagdag pa niya.

Siyang pagpasok ni Kahlen sa sala. Nag-excuse ito sa ama at inaya siyang mamasyal. Nagpalit siya ng khaki cargo shorts at baby blue t-shirt.